Stanford MEDICINE Children's Health

A Buod na Gumagamit ng Simpleng Pananalita ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Lucile Packard Children's Hospital

Pagtanggap ng Tulong para sa Iyong Bill

Para ito sa sinumang tumatanggap ng mga kinakailangang medikal na serbisyo mula sa Lucile Packard Children's Hospital Stanford ("LPCH").

Mababasa sa English, Spanish, Chinese, Vietnamese, at Tagalog ang Buod na Gumagamit ng Simpleng Pananalita at Patakaran sa Pinansyal na Tulong upang makatanggap ng tulong para sa iyong bill. Tutulungan ka rin namin sa pagsasalin sa ibang mga wika.

Paano Ako Magiging Kwalipikado sa Pinansyal na Tulong?

Tapat ang LPCH sa pagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong pasyenteng mababa ang kita at sa mga pasyenteng may insurance na kinakailangang magbayad para sa malaking bahagi ng pangangalaga sa kanila.

Maaari kang humingi ng tulong para sa iyong bill anumang oras sa panahon ng iyong pagbisita o sa proseso ng billing. Sa proseso ng aplikasyon, hihilingin sa iyong magbigay ng impormasyon tungkol sa bilang ng mga tao sa iyong pamilya, sa iyong buwanang kita, at sa iba pang impormasyon na makakatulong sa ospital na matukoy kung kwalipikado ka para sa Pinansyal na Tulong. Maaari kang hingan ng pay stub, mga rekord ng buwis, at patunay ng mga medikal na gastusin mula sa labas ng LPCH para maiproseso ang iyong aplikasyon.

Kung mas mababa sa o katumbas ng 400% ng kasalukuyang Alintuntuning Pederal sa Kahirapan ang iyong kita, maaaring hindi mo na bayaran ang iyong bill. Responsibilidad mong ibigay ang kinakailangang impormasyon sa takdang oras.

Matatagpuan ang Mga Alituntuning Pederal sa Kahirapan sa: https://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines

Maaaring kwalipikado ka sa tulong para sa lahat o isang bahagi ng iyong bill. Matapos mong isumite ang aplikasyon, susuriin ng ospital ang impormasyon at aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat kung kwalipikado ka.

Paano Ako Makakapag-apply para sa Pinansyal na Tulong?

Upang makakuha ng libreng kopya ng Aplikasyon Para sa Pinansyal na Tulong ng LPCH, Patakaran sa Pinansyal na Tulong, o Buod na Gumagamit ng Simpleng Pananalita na ito, pumunta sa:

http://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/financial-assistance-english

at sundin ang mga link para i-access ang bawat nakalistang aplikasyon, patakaran, o buod sa itaas sa gusto mong wika.

Maaari kang mag-apply ng tulong para sa iyong bill nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o online. Maaari kang humingi ng tulong sa proseso at pagkuha ng aplikasyon o humiling na ipadala sa koreo ang aplikasyon, ang buod na gumagamit ng simpleng pananalita, at/o ang kopya ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1 800 308 3285 o pagbisita sa amin sa Stanford Children's Health Business Office na matatagpuan sa 4700 Bohannon Drive Menlo Park, CA.

Mga Papeles

Responsibilidad mong magbigay ng impormasyon sa takdang oras tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan, kita, asset, at anumang iba pang papeles na makakatulong na matukoy kung kwalipikado ka. Ang mga papeles ay maaaring mga bank statement, dokumento ng buwis sa kita, check stub, patunay ng medikal na gastusin, o iba pang impormasyon.

Kinakailangang Medikal na Pangangalaga

Kung kwalipikado ka para sa tulong sa iyong bill, hindi ka sisingilin para sa kinakailangang medikal na pangangalaga nang higit sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng naka-insure sa Medicare.

Mga Ginagawang Paniningil

Maaaring mag-apply ang mga pasyente para sa tulong sa kanilang bill anumang oras sa proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pagkontak sa Customer Service Department sa 1 800 308 3285.

Maaaring gumamit ang LPCH ng mga makatwirang pamamaraan para makolekta ang bayad mula sa mga pasyente. Maaaring kabilang sa mga karaniwang ginagawa sa paniningil ang pagbibigay ng statement sa pasyente, pagtawag sa telepono, at pagpapadala sa guarantor ng mga statement na ipinadala rin sa pasyente. Maaaring ipasa sa isang collection agency ang mga bill na hindi nabayaran nang 120 araw pagkatapos ng unang petsa ng billing. Hindi gagamit ang LPCH o ang mga collection agency ng anumang hindi pangkaraniwang paraan ng paniningil (tulad ng nakasaad sa Patakaran sa Paniningil ng Utang ng LPCH).

Maaaring makuha nang libre ang Patakaran sa Paniningil ng Utang ng LPCH sa website para sa pinansyal na tulong ng Stanford Medicine Children's Health sa http://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/financial-assistance-english at sundan ang link para i-access ang patakaran sa gusto mong wika, o sa pamamagitan ng paghiling ng kopya gamit ang telepono sa 1 800 308 3285 o sa pagbisita sa amin sa SCH Business Office - 4700 Bohannon Drive Menlo Park, CA.

Updated 2025-03-13